d. Kahotan nio no plastic o pinangayan nioaya so vayo aya ablak. An katwaw dana no ablak aya am tedteran nio na o kayo aya no adan a mohamoha do ato no yanan no vayo aya ablak. Sichangoriaw am no mohamoha nioaya adan pa am nayvadiw a no vayo aya s navasavatan nio. An kasaray nio na no kaviay narana am mohahen nio na do tana. An karahan no asa ka kawan am maparin dana omsi.

PART II

PILIPINO

Translated by:

Mr. Rodolfo Barlaam

Summer Institute of Linguistics

ANG PAGPAPATABA SA LUPA

Ano ba ang dapat na gawin kung hindi mataba ang lupa? Mahirap magkaroon ng magagandang pananim kung laging natatamnam ang bukid. Ang kada-lasang nangyayari ay paliit ng paliit ang mga pananim at sa bandang huli ay hindi mamumunga dahil kulang ang nakukuha nilang sangkap sa lupa na nagpapalago sa kanila. Kung gusto nating malago ang ating pananim ay may mga bagay na dapat nating gawin para mapabuti natin ang mga pananim. Ang una ay ang paglalagay sa lupa ng pataba na galing sa nabulok na basura. Ang ikalawa ay ang pagtatanim ng iba-ibang uri ng pananim sa iba-ibang panahon ng pagtatanim at ito ang sinasabi nilang crop rotation. Huwag tayong gagamit ng patabang nabibili kung hindi pa natin ipinasusuri ang ating lupa sa Bureau of Soils at kung hindi pa tayo nakikipag-usap sa kanila.

Ang compost pit ay isang hukay na pinaglalagyan ng mga damo, mga dumi ng hayop, apog at lupa upang ang mga ito ay mabubulok. Ang mga sangkap na kailangan sa paggawa ng compost pit ay ang mga sumusunod:

1. mga pinutol na damo at 'yong mga ibang damong walang bunga
2. mga tira-tirahan sa kusina
3. dumi ng mga hayop (kalabaw, baka, manok at baboy)
4. abo

Ito ang mga alituntunin sa paggawa:

1. Maghukay ng mababaw lang sa lupang walang tubig. Ang laki nito ay batay sa pangangailangan. Kung para sa mga pananim

sa bakuran lang o kaya'y sa maliit na bukid ay tama na ang dalawang metro kuwadrado at dalawang metro rin ang kalalim.

2. Ang unang ilalagay sa hukay ay mga dahon, o kaya'y mga damo. Iuwede ring isama ang mga tira sa kusina. Gawing walong pulgada ang kapal nito.

3. Ipatong ang dumi ng hayop at gawing dalawang pulgada ang kapal.

4. Patungan ng abo at gawing dalawang pulgada ang kapal nito.

5. Sunding muli ang unang alituntunin hanggang sa ikaapat na alituntunin. Punuin ang hukay.

Kung puno na ay tabunang mabuti ng lupa upang walang gaanong tubig na papasbk. Gawing mataas-taas ang gitna kaysa sa paligid. Ang itsura nito kung matapos ay parang maliit na bundok. Gawin ito upang kung uulan ay hindi magsasag ang lahat ng lupang itinabon. Maghintay na lamang ng tatlong buwan at mabubulok na iyong mga inilagay sa hukay at puwede nang kunin dahil ito'y naging pataba at puwede na nating ikalat sa bukid bago tamnan.

Ang compost pile ay isang bunton ng mga damong hinaluan ng dumi ng hayop, abo, apog at lupa. Ang mga alituntunin sa paggawa ay ang mga sumusunod:

1. Pantayin ang lugar na napili na may dalawang metro ang laki at anim na metro ang haba. Gumawa ng kanal sa palibot nito para may daraanan ang tubig at hindi aagos sa bunton.

2. Ibunton ang mga damo, uhay ng palay hanggang sa maging anim na pulgada ang

kapal. Pag-ingatang ibunton. Huwag yapakan kung gustong idiin.

3. Ikalat ang dumi ng hayop sa ibabaw nito hanggang sa dalawang pulgada ang kapal at lagyan din ng dalawang kilong urea o kaya'y ammonium sulphate kung mayroon ito.

4. Patungan ng magandang lupa at haluan ng kaunting apog o kaya'y abo hanggang sa maging isang pulgada ang kapal.

5. Pagkatapos patungan ng lupa ay sundin ang ikalawang alituntunin. Lagyan ng damo at mga iba at saka naman sundin ang ikatlo hanggang sa ikaapat na alituntunin. Ipagpatuloy hanggang sa maging isa't kalahating metro ang taas. Gawing makapal ang huling patong para hindi matuyo. Para madaling pumasok ang hangin sa gitna ng bunton ay gumawa ng tatlong matutulis na bumbong at lagyan ng mga butas at itusok ang mga ito sa gitna ng compost pile. Kung mahirap na itusok ito kung tapos na ang bunton, puwedeng ilagay na sa simul pa ng paggawa nito.

Pagkalipas ng tatlong linggo, alisin ang mga bumbong na may butas at baliktarin ang bunton. Baliktarin sa malapit sa kinalalagyan nito dahil hindi puwedeng baliktarin kung hindi ililipat. At sa pagbabaliktad, 'yong nasa ibabaw ay magiging nasa ilalim. Diligin ng kaunti para madaling mabulok.

Pagkalipas ng limang linggo, ay balik-taring muli at ibalik sa dating kinalalagyan. Bayaang mabulok pa sa loob ng apat na linggo.

Paano ginagamit ito sa bukid? 'Pag bulok na ang ibinunton, ikalat ito sa bukid. Mas mabuti ito kaysa biniling pataba. Maski huwag na ninyong sukatin ang dami ng ilalagey ay hindi makasasama sa mga pananim.

ng ating pagkain at pagkain din ng mga hayop. Pero may mga pananim na mas mabuting pampataba sa bukid natin at mas maraming gamit sa ating katawan. Ang mga halamang ito ay ang mga mongo, mani, balatong, at sitaw. Ang mga pananim na ito ay nag-iiwan sa lupa ng sangkap na kailangang-kailangan ng palay at mais at ito'y ang tinatawag nilang nitrogen. Pinalalago nito ang mga halaman kaya mas mabuti itong itanim pagkatapos ng palay o kaya'y mais.

PAANO NATIN MAPAPALUSOG ANG ATING KATAWAN

Kung mga wastong pagkain ang kinakain natin, malusog ang ating katawan at madali ang pagpagpaunlad natin sa ating kabuhasan. Wala nang mas mabuti pang maibibigay natin sa ating mag-anak kundi ang pagbibigay ng wastong pagkain araw-araw upang maging malusog at malakas ang ating mga anak.

Ang kaalamang ito ang magpapatid sa atin sa mga uri at dami ng pagkaing kailangan natin. Puwedeng damihan kung mabigat ang trabaho ngunit huwag gawing mas kaunti sa mga sinasabi dito. May anim na uri ang ating pagkain, at kung makukuha natin ang isa o dalawa sa mga ito ay masasabi nating wala nang kulang sa ating pagkain.

Ang mga sumusunod ay ang mga anim na uri ng pagkain at ang wastong dami ng kakinin natin sa isang araw.

1. Mga dahon at dilaw ng gulay
3/4 tasang gulay na dahon o kaya'y
1/2 tasang dilaw na gulay.
Puwede maski alin sa mga sumusunod ang pipiliin ninyo at puwede niyong paghaluin ang igugulay ninyo.

malunggay (dahon)	kangkong
ampalaya (dahon)	petsay
talbos ng kamote	mustasa
talbos ng sayote	letsugas
talbos ng sitaw	karot
kalabasa - bunga, talbos o kaya'y ang bulaklak	

2. Pagkaing may Bitamina C
Isang katamtaman ang laking prutas
o kaya'y isang malaking prutas.

bayabas	limon
atis	kalamansi
suha	mangga
papaya	kamatis
tangherina	milon
dalanghita	

3. Mga ibang prutas at gulay

okra	mabolo
labanos	pinya
sitaw	granada
sigarilyas	pakwan
malunggay (bunga)	abukado
sili (bunga)	saging
ampalaya (bunga)	
puso ng saging	
patola	
talong	

4. Mga pagkaing may protina
Isda - tatlong katamtaman ang laki
o kaya'y karne o manok - tatlong
hiwa na kasing lalaki ng bahay ng
posporo, at saka buto ng sitao o
kaya'y munggo - kalahating tasa o
kaya'y kalahating tasang sinangag
na mani. At saka itlog - dalawa
hanggang apat sa isang linggo.

Mga ibang pagkaing mapapa-
bilang dito.

mga ibang karne
atay
puso, bato, at mga ibang
lamang-loob

longganisa
hamon
dilis
hipon
susong at iba pa

5. Mga pagkaing may langis - anim
hanggang walong kutsara
margarina niyog
mantika gata ng niyog
taba ng baboy langis ng
 niyog

6. Kanin at mga ibang pakaing
pampalakas.
kanin - apat hanggang anim na
tasa o kaya'y mais - lima't ka-
lahati hanggang pito't kalahating
tasa, at saka ube, kamote, gabi -
isang maliit. At saka asukal -
pito hanggang sampung kutsarita.

Mga ibang pagkaing mapapabilang
dito:

suman, palitaw, bibingka at
mga iba pa
tinapay
panutsa
prutas na ginawang kendi

Ang dami ng pagkaing nakikita ninyo ay
siyang kailangan sa isang araw. Kapag ito
ang susundin natin sa paghahanda sa mga
pagkain natin, makukuha nating lahat ang
mga sustansiyang kailangan ng ating katawan
para maging malakas at malusog.

Kahit maghanda tayo ng maraming pagkain para sa ating pamilya kung hindi nila magugustuhan ang ating pagluluto ay hindi natin sila mapipilit na kumain nito. Naririto ang ilang mga lutuing maaari nating sundin sa paghahanda ng kamote at iba pang mga pagkaing matatagpuan dito sa atin na hindi lang masarap kundi nagdadagdag pa ng sustansiya.

Camote Snowpeak

Mga sangkap:

- 3 tasang minasa na nilagang kamote
- 3 kutsarang katas ng kalamansi
- 3 kutsarang asukal
- 3 kutsarang margarine

Paraan sa paggawa:

Masahing mabuti ang kamote. Idagdag ang ibang nga sangkap. Haluing mabuti. Ayusin na parang punso o kanit na anong hugis sa plato at ihain. Maaaring budburan ng pasas para maging maganda.

Rice Muffins

Paghaluin:

- 1 tasang pinalamig na kanin
- 1 tasang gatas
- 2 itlog, batihing mabuti
- 4 na kutsarang mantika
- 2 kutsarang asukal

Bistayin ang mga sumusunod at ihalo:

- 1 1/2 tasang arina
- 1/2 kutsaritang asin
- 3 kutsaritang baking powder

Ilipat sa hulmang pinahiran ng mantika at ipasok sa pugon na may 400° F na init sa loob ng 20 hanggang 25 minuto.

Matamis na Bao

Ihalo:

- 1 tasang gata ng niyog
- 2 tasang asukal

Pakuluin hanggang malapot.

Gamitin sa tinapay o kanin.

Banana Muffins

Ihalo:

- 1/2 tasang margarina
- 1 tasang asukal

Idagdag:

- 2 binating itlog
- 1 tasang minasang saging

Bistayin at idagdag:

- 2 1/2 tasang arina
- 1/2 kutsaritang asin

Tunawin at idagdag:

- 2 1/2 kutsaritang vanilla

Ilipat sa hulmang pinahiran ng mantika at iluto nang 20 hanggang 25 minuto sa pugon na may 400° F na init.

Camote Cake

Maghalo ng 1 1/2 tasang mantika o "shortening"

- 2 tasang asukal

Paghaluing mabuti. Lagyan ng 4 na pula ng itlog. Haluing mabuti. Dagdagan ng 4 na kutsarang hindi masyadong mainit na tubig.

Bistayin at idagdag ang mga sumusunod:
2 1/4 tasang arina o "cake flour"
3 kutsaritang baking powder
1/4 kutsaritang asin
1 kutsaritang cinnamon (kung mayroon)
1 kutsaritang nutmeg (kung mayroon)

Ihalo ang 1 1/2 tasang kinayod na kamoteng hindi luto.

Ihalo ang 1 tasang dinurog na mani
1 kutsaritang vanilla

Batihing mabuti ang puti ng 4 na itlog.
Ilagay ang puti ng itlog sa pinaghaluhalo na.
Ilagay na sa malalim na hulma at ipasok sa pugon ng 25 hanggang 45 na minuto na may init na 350°F.

ANG MGA DAPAT NATING ALALAHANIN SA PAGLULUTO UPANG HINDI MAWALA ANG SUSTANSIYA

1. Huwag hayaang malanta ang mga gulay bago lutuin.
2. Hugasan ang mga gulay bago hiwain o balatan.
3. Manipis lang ang alisin kapag binabalatan ang mga gulay.
4. Huwag ibabad nang matagal sa tubig at maalis ang sustansiya.
5. Hiwain o balatan ang mga gulay kapag gagamitin na para hindi mawala sa hangin ang sustansiya.
6. Kapag nagsasalad ay gawin o ihanda ito ng mga ilang minuto lamang bago kumain.
7. Huwag iluto nang matagal para hindi mawala ang sustansiya.
8. Kainin agad ang gulay pagkaluto.
9. Gamitin ang sabaw ng gulay dahil nandoon ang ibang mga sustansiya.

10. Timplahan ng asin ang tubig bago ilagay ang mga gulay.
11. Takpan ang pinaglulutuan ng gulay para hindi madala sa hangin ang sustansiya kapag kumukulo na.
12. Kung maaaring hindi na balatan ang gulay ay mas mabuting huwag nang balatan sapagka't may sustansiya rin sa balat.
13. Huwag haluin ang nilulutong gulay.
14. Kung hindi kailangang hugasan ang gulay o karne ay huwag nang hugasan.
15. Dahan-dahang iluto ang karne sa hindi kalakasang apoy.

ANG MANGYAYARI SA ATIN KUNG KULANG SA SUSTANSIYA ANG KINAKAIN NATIN

Ano kaya ang mangyayari sa atin kung kulang sa kinakailangang sustansiya ang ating katawan? Kung minsan nagtataka tayo sa ating katawan dahil maski lagi tayong kumakain at laging busog ay mahina ang ating katawan at para tayong maysakit.

Ito ang mabigat na sulirenin sa ating bansa; ang malnutrition o kulang sa wastong pagkain. Kadalasan, ito'y nangyayari sa mga batang may gulang na limang taon at pababa na hindi pa pumapasok sa paaralan, at saka sa mga inang nagdadalang-tao. Ang mga inang nagdadalang-tao ay nangangailangan sila ng masustansiyang pagkain sapagkat kung kulang sila nito ay magiging dahilan ng kanyang panghihina at ganoon din sa sanggol na kanyang dinadala. Kung masustansiya ang kinakain ng ina ay magiging malakas at malusog ang kanyang magiging anak at masustansiya rin ang susu-suhin ng bata, maliban lang kung maysakit siya.

Napatunayan ng mga mananaliksik na mas mabuti kung pasusuhin siya ng kanyang sariling ina kaysa kung siya'y gagatasin. Una, ito ang mapagkakatiwalaang maipapasuso sa sanggol. Hindi natin masasabing kulang sa timpla o kaya'y labis dahil katamtaman ang timpla nito. Malinis ito at hindi na kailangang iinit pa. Puwedeng pasusuhin ang bata kahit anong oras. Ikalawa, dadalang ang pagdadalang-tao ng ina at ang ikatlo, ito ang magpapakita sa bata na siya'y mahal ng ina.

Ang mga palatandaan na makikita sa mga

sanggol na kulang sa wastong pagkain ay mahina sila, matagal bago sila umupo, tumayo at lumakad. Matagal bago tumigas ang kanilang bumbunan at matagal din bago sila magkaroon ng ngipin. Mabagal lumaki ang mga iba dahil kulang sila sa protina, ang sustansiyang magpapalaki sa kanila. Sa unang limang taon, kailangang bigyan ang mga bata ng wastong pagkain dahil nakasalalay dito ang kanilang kalusugan sa hinaharap kung sila'y malaki na.

Kapag tumatanda na ang mga tao, may nagkakaroon ng boso (goiter). Nangyayari ito kung kulang tayo sa pagkaing may yodo (iodine). Kung minsan ay nahihilo tayo. Ang isang sanhi nito ay kakulangan sa dugo o kaya'y mahina ang dugo. Kailangang kumain tayo ng pagkaing sagana sa sustansiyang iron upang lumakas ang ating dugo. Makukuha natin ito sa mga lamang-loob ng hayop kagaya ng atay, bato at sa mga gulay kagaya ng ampelaya at talbos ng kamote.

Para hindi natin maranasan ang mga ganitong paghihirap, dapat nating pagukulan ng pansin ang mga wastong pagkain na kailangan natin. Tandean natin ang mga anim na uri ng pagkain upang maplano na natin ang dapat nating kainin araw-araw.

ANG PAGGAWA NG TINAPA

Ang tinapa ay mga isdang ibinabad sa tubig ng may asin upang maging mas masarap at puwedeng maimbak. Hindi lahat ng tinapa ay puwedeng maimbak sa matagal na panahon. Sa ibang lugar ay gumagawa sila ng tinapa at puwede rin nating gawin dito sa atin kung may mahuhuli tayong maraming isda at gusto nating iimbak. Mas mabuti kaysa sa ibinilad o daing dahil 'pag matagal na iimbakin ang daing ito'y nagiging matigas at kung minsan ay nawawala ang lasa nito. Ganito ang paggawa nila:

1. Linisin ang isda. Alisin ang mga hasang at bituka.
2. Hugasang mabuti ang isda.
3. Iabad sa tubig na may halong sampung porsiyentong asin - ang ibig sabihin nito ay isang gatang na asin sa bawat sampung tasang tubig. Bayasang nakababad mula 30 sandali hanggang isang oras upang maalis ang lahat ng dugo.
4. Ilagay muli ang isda sa tubig na may asin at lutuin dito sa loob ng isa hanggang sa apat na oras. Ang tagal ng paglalagay sa tubig na may asin ay batay sa gustong kaalat ng tinapa, sa laki at uri ng isda at ang tagal ng pag-iimbak.
5. Hugasan na naman.
6. Ilagay sa bilao at patuyuin.
7. Kung gusto ninyo, lutuin ang isda

- sa singaw ng kumukulong tubig hanggang sa umitim ang mata ng isda. Pagkatapos, patuyuin sa bilao.
8. Tapahin sa loob ng 30 sandali hanggang isang oras batay sa gustong kulay at lasa.

Ang gagamitin sa pagtapa ay uling o kaya'y kahoy. Lagyan ng dahon ng bayabas para umusok. Puwedeng gamitin ang pinagkataman pero huwag gamitin ang kahoy na maraming dagta dahil kung minsan ay hindi makakain ang tinapa.

Ang pagtatapa ay parang pagluluto ng barbecue.

Ang isang uri ng pagtatapa ay sa mahinang apoy ngunit matagal ito dahil aabutin ng isang araw o isang linggo bago matuyong mabuti at magkaroon ng lasa. Puwedeng iimbak ng matagal.

Puwede nang kainin kung tapos nang matapa.

PAG-AALAGA NG MGA BABOY .

Sapagka't tumataas ang halaga ng mantika at karne, ay nararapat na matutuhan natin ang pag-aalaga ng mga baboy para hindi na tayo bibili ng karne. Marami tayong makukuhang mga tangkay ng kamote o mga damong maipapakain natin sa ating mga baboy sa ating mga bukid kung gusto nating mag-alaga ng baboy sa ating bakuran. Naririto ang ilang mga bagay na dapat nating sundin kung mag-aalaga tayo ng baboy.

PAGPIPILI NG LAHI NG AALAGAANG BABOY

Kung tayo'y pipili ng ating aalagaang baboy ay dapat nating isaaisip ang mga sumusunod:

1. Ang una nating aalagaang baboy ay dapat na palaanakin. Malalaman natin ito kung pipili tayo sa mga biik ng inahin na nagkakaanak ng hindi kukulangin sa walo.

2. Ang ating paaanakin na inahing baboy ay dapat na malakas kumain at hindi mapili sa pagkain. Ang kanyang katawan ay dapat na malamán, malapad ang likod at mahaba ang katawan. Mahusay kung ito ay may 10 hanggang 14 na buhay na suso. Ang mga paa ng mahusay na inahing baboy ay matipuno, tuwid at magkalayo. Pumili ng inahing baboy mula sa hindi kukulangin sa 8 na malulusog na biik na may malalaking pangangatawan.

3. Huwag pumili ng inahin na may lapad na paa, lundo ang likod o kaya'y may kapansanan sa suso. Ang magaling na inahing baboy ay nanganganak nang dalawang beses bawa't taon at hindi kukulangin sa 8 ang mabubuhay sa

kanyang mga biik kung sila'y nawalay na sa inahin. Hindi dapat na palasakitin ang inahing baboy.

4. Kung bibili ng bulugan, piliin 'yong may matipunong pangangatawan, malulusog at may malapad na likod. Ang mga paa'y dapat na malalakas, tuwid, at magkalayo. Pumili ng bulugang talagang bulugan ang itsura.

5. Ang mahusay na alagaang baboy para ipagbili ay yaong malusog at malakas kumain. Huwag pumili ng magaan ang pangangatawan o mukhang mahina na makapal ang balahibo sapagka't karaniwan ay hindi sila mabilis lumaki.

ANG PAGPAPAKAIN AT MGA PAGKAIN NG BABOY

Ang mga nag-aalaga ng baboy ay gusto nilang mabilis ang paglaki ng kanilang mga baboy. Madali lang ito kahit na ang mga ipinapakain natin ay mga damong madali nating makuha sa bukid at mga tira sa kusina kung pinapakain natin sila nang mahusay.

Maraming protina ang nakukuha ng baboy sa giniling na mais at darak. Mas marami ang protina sa mais. Ang protina ay sustansiyang nagpapalaki at nagpapabigat sa baboy. Maaari nating ihalo ang giniling na mais o darak sa nilutong pinagtalupan ng kamote, ubi, at iba pa. Mabuti rin kung bigyan natin sila ng mga dahon ng kamote o mga damo. Ngunit huwag bigyan ng maraming ipil-ipil ang mga inahing baboy na ipapalahi sapagka't maaaring maging dahilan ito ng pagiging baog niya.

1. Ang pagpapakain sa inahing baboy

Nararapat na damihan natin ang kinakain ng inahin, isang linggo bago siya ipapalahi at isang linggo pagkatapos ng pagpapalahi.

Pagkaraan ng isang linggo mula sa pagpapalahi ay maaari na siyang bigyan ng kasindami ng dati niyang kinakain. Kailangang mahusay ang pagpapakain natin sa buntis na baboy. Kaya lang huwag siyang pakakainin ng masyadong marami at baka siya tataba nang masyado. Kung mataba siyang masyado ay kaunti lang ang anak niyang mabubuo sa kanyang tiyan sa dahilang puro taba na ang loob ng tiyan at sisikip ang kinaroroonan ng mga bilig.

Damihan lang ang pagkain ng inahin nang kalahati o isang kilo sa huling 3 o 4 na linggo ng kanyang pagkabuntis.

Kung napapansin natin na siya'y manganganak na ay huwag na siyang pakainin hanggang labing dalawang oras pagkatapos niyang manganak. Ngunit kung sakaling siya'y nag-iingay, bigyan siya ng kalahating kilong mga tira, giniling na mais o darak.

Ang katatapos lamang nanganak na inahin ay huwag bigyan ng maraming pagkain sapagka't masyadong dadami ang gatas na makukuha ng mga biik at ito'y maaaring dahilan ng kanilang pagkakasakit. Dahan-dahang damihan ang kanyang pagkain - isang kilong kaning baboy ang ibigay sa sumunod na araw pagkatapos niyang manganak. Dagdagan ang kinakain ng inahin nang kalahating kilo araw-araw hanggang magiging anim o pitong kilo, batay sa dami ng biik. Narito ang dapat kainin ng inahin na may walong biik.

Araw	Gaano Karami ang Pagkain
araw ng panganganak	walang pagkain
pangalawang araw	isang kilo
pangatlong araw	1 1/2 kilo
pang-apat na araw	2 kilo

panlimang araw	2 1/2 kilo
ika-anim na araw	3 kilo
ikapitong araw	3 1/2 kilo
ikawalong araw	4 kilo

Maaaring ihalo ang nilutong panagtalupan ng kamote, ubi, at iba pa sa darak, o darak lamang na may halong tubig.

Tatlong araw bago ihiwalay ang mga biik at tatlo hanggang limang araw pagkatapos ng pag-walay, ay bawasan ang kinakain ng inahin nang kalahati o ikatlong bahagi araw-araw hanggang sa kasindami ng dati niyang kinakain para magiging kaunti ang kanyang gatas. Kung nawalay na ang mga biik at marami pa siyang gatas ay mamamaga ang kanyang mga suso at maaari siyang magkasakit.

2. Pagpapakain sa bulugan

Pakaining mabuti ang bulugan para maging malakas at malusog. Nguni't huwag masyadong patabain dahil tatamarin siyang maglahi.

3. Pagpapakain sa mga biik

Kailangang mabilis ang paglaki ng mga biik pagkasilang nila. Kung mabibigat at malalaki na ang mga biik sa kanilang ika-walong linggo ay mas madali na ang pagpataba sa kanila pagkaraan nito. Kung maayos ang pagbibigay ng kanilang pagkain, ay madali ang kanilang paglaki. Iwalay sila kung may anim hanggang walong linggo na sila.

PAGPAPALAKI SA MGA BABOY

May mga panahon na napapansin nating nais ng inahing baboy na magpalahi. Ito'y nangyayari sa loob ng isa hanggang limang araw o sa karamihan ay dalawa hanggang tatlong araw. Mauulit ito bawat labinwalo

hanggang dalawampu't apat na araw o sa karamihan ay sa bawa't dalawampu't isang araw.

Karaniwan ay nais na ng inahin na magpalahi kapag siya'y apat hanggang anim na buwan pero masyado pang maaga para siya'y ipalahi. Maaantala ang kanyang paglaki kung siya'y ipapalahi nang maaga. Maaari na silang ipalahi kapag sila'y walong buwan na.

Ang panahon ng pagbubuntis ng inahing baboy ay 110 hanggang 118 na araw o sa karamihan ay 114 na araw (3 buwan, 3 linggo, at 3 araw). Kaya, para malalaman natin kung kailan ang kanyang panganganak ay magbilang ng 110 hanggang 118 na araw mula sa araw ng kanyang pagpapalahi.

Ang inahing baboy ay dapat na ipalahi sa unang araw na mahalata natin na gusto niyang magpalahi. Upang siya'y magkakaroon ng marami at malalaking nga biik, ay kailangang ipalahi siya ng dalawang beses, magkasunod na araw sa iisang bulugan. Ang pangalawang pagpapalahi ay hindi dapat lumampas sa 24 na oras pagkatapos ng unang pagpapalahi.

PAG-AALAGA NG MGA BABOY

Kahit na papaano ang pagpapakain ninyo sa mga baboy, kung hindi ninyo aalagaang mabuti, ay mabagal ang kanilang paglaki.

Kailangang bigyan ang buntis na inahin ng pampaalis ng bulati bago sila magsisilang. May gamot na tinatawag na Worm X na maaari nating ibigay sa inahing baboy dalawang linggo bago sila ipapalahi. Bigyan sila ng apat na kutsarang worm X bawa't 90 kilong

bigat nila para maaalis ang mga bulati sa loob ng kanilang tiyan.

Kung malapit nang magsilang ang inahin, ihiwalay sila mula sa ibang mga baboy para hindi madaganan ang mga biik. Kung nahihirapang manganak ang inahin at lumampas na ang 12 na oras, iniksiyunan ng Oxytocin (30-60 units). Kung iiniksiyunan siya ng ganito ay dadali ang kanyang panganganak at makakatulong ito sa pakakaroon ng gatas sa kanyang suso. Punasan ng malinis at malambot na damit ang manipis na lamad na bumabalot sa kasisilang pa lamang na mga biik. Maaari nating putulin ang pusod ng mga biik. Gumamit ng malinis na kutsilyo. Para tumigil ang pagdugo at para hindi madudumihan, talian ng sinulid na ibinabad sa alkohol at lagyan ng tintura de yodo ang pinagputulan. Ang matulis na ngipin ng mga biik ay matatalim kaya maaari nating putulin ngunit sikaping huwag sugatan ang kanilang gilagid. Inaalís ang mga ngiping ito para hindi masusugatan ang suso ng inahin.

Ang unang gatas ng inahin na tinatawag na colostrum ay dapat masuso ng mga biik. Masustansiya ang gatas na ito at kailangan ng mga biik para sila'y maging malusog. Pagkatapos magsilang ng inahin ay tingnan mabuti kung nakakasuso lahat ang mga biik.

Kapag minsan ay nagtatae ang mga biik pagkaraan ng isang linggo. Ang tae nila at matubig, manilaw-dilaw, at mabaho. Ang mga biik na may ganitong sakit ay maaaring mamatay sa loob ng 24 na oras. Kung sila man ay makakaligtas dito'y mabagal naman ang kanilang paglaki. Bigyan sila ng Terramycin Animal Formula o Neoterramycin 25 limang

araw mula sa kanilang pagsilang.

Bigyan ang inahin ng masustansiya at masarap na pagkain para magkaroon ng maraming gatas ang mga biik at para maging melusog ang inahin. Maaari nating bigyan ng Terramycin o Mecadox 10 Fremix ang mga biik na nagsisimulang kumain upang medali ang kanilang paglaki at upang hindi sila magtatae.

Karaniwan ay iwalay ang mga biik kapag 6 o 8 na linggo na sila. Kung inaalagaan naman silang mabuti at malalaki na sila, maaari na silang mawalay kapag 3 o 4 na linggo na sila.

Ang mga lalaking biik na hindi gawing bulugan ay maaaring kapunin pagkaraan ng dalawang linggo mula sa kanilang pagsilang. Gamutin ang sugat ng Terramycin Ointment para madaling gumaling at hindi madudumihan.

Ang bilang ng ilalagay sa isang kulungan ay hindi dadami sa 20 mga biik sapagka't kung masyado silang marami ay babagal ang kanilang paglaki at magkekagatan sila.

Mabuti kung bibigyan sila ng gamot na pamuksa sa mga bulati kapag sila'y 3 buwan na at ulitin ito kapag sila'y 6 na buwan na.

Nangangailangan ng maraming tubig ang mga baboy. Kapag tag-init, palagi silang buhusan ng tubig para lumamig ang kanilang katawan. Maganda sana kung magbutasbutas kayo ng lata kagaya ng ginagamit na pandilig sa mga halaman o kaya'y gumawa ng lugar na maaari nilang paglubluban.

SAKIT NG MGA BABOY AT MGA GAMOT

1. Kung may bulati ang mga baboy ay hindi

mabilis ang kanilang paglaki at hindi nila matunaw ang kanilang kinakain. Karaniwang may sakit ang kanilang mga baga at atay dahil sa mga bulati. Ang mga baboy na 5 buwan na pababa na may bulati ay mabagal ang paglaki at sila'y inuubo dahil sa bulati na sumisira sa kanilang baga.

May mga gamot na pamuksa sa mga bulati kagaya ng Worm X. Kung ginagamit ang Worm X, magbigay ng 2 kutsara bawa't 45 kilong bigat. Ihalo ito sa kanilang pagkain na hinaluan ng tubig.

May mga bulating maliliit na pumapasok sa bituka ng baboy. Dahil dito'y namamaga ang kanyang mga bituka at sinisipsip nila ang ibang sustansiya ng kinakain ng mga baboy. Gumamit ng Worm X sa pagpuksa dito.

2. Bumbahan ng Pfi-Spray ang balat ng inahing baboy na may maraming kuto para hindi makuha ng mga biik ang mga kuto. Ihalo ang 3 kutsatang Pfi-Spray sa 1 1/4 galon ng tubig at gamitin ang kalahati nitong tinimplang gamot sa balat ng baboy.

3. Mastitis - Pamamaga ng suso

Hindi pa malaman kung ano ang dahilan nito nguni't sinasabi nilang maaaring nasugatan ng matutulis na ngipin ng mga biik ang suso ng inahin. Kung ito'y malala na ay mawawalan ng gatas ang inahin. Ang gamot dito'y bigyan sila ng iniksiyon na Combiotic (10 cc) o Liquamycin Injectable (20 cc) araw-araw hanggang siya'y gumaling.

Mas marami pang ibang nakakahawang sakit na maaaring ikakamatay ng marami sa ating mga alagang baboy. Ihiwalay ang may-sakit na baboy. Linisin ang kanyang kinalalagyan at bigyan ng mabuting pagkain.

Kung ang sinasabing gamot dito ay hindi makukuha, ay may ibang uri ng gamot na puwedeng gamitin.

ANG PAGTATANIM NG MAGANDANG PUNONG-KAHoy

Kapag nakakatikim tayo ng masarap na bungang-kahoy ay hihingi tayo ng butong itatanim natin. Maganda ang mga iba dahil maaga silang mamunga pero sa mga iba, kailangang maghintay tayo ng lima hanggang anim na taon bago mamunga ito. Mayroon na sa atin ang nagdudugtong ng mga halaman pero mayroon pa rin ang mga hindi gumagawa nito. Mayroon ding mga ibang bagay na magagawa para mapadali ang pamumunga ng ating itinanim. Mayroon mga halamang masarap ang bunga na kukunin natin sa ibang lugar pero pagkaraan ng maikling panahon ay unti-unting mamamatay dahil hindi maaari sa klima sa Batanes. Kailangang malaman natin ang tungkol sa pagpaparami ng halaman ng hindi gagamitin ang buto upang mananatili ang mga magagandang halaman at upang bumuti at lumaki ang bunga ng mga dating puno. May tatlong bagay na dapat gawin para mapabuti natin ang mga namumungang punong-kahoy.

1. Pagpapaugat (Marcoting)

Ang mga punong-kahoy na puwedeng paugatin ay ang mga punong katulad ng calamansi, limon, suha, tangherina, dayap at mga dalanghata. 'Yong mga punong may masasarap na bunga na pinaugat ay puwedeng pagbungahin pakaraan ng isang taon:

- a. Pumili ng magandang sanga ng puno na namunga na.
- b. Balatan ang makalawa sa bantod ng sanga. Pagkatapos ay bayaan ng

isa o dalawang araw upang matuyo pa ang binalatan.

- c. Lagyan ang binalatang bahagi ng ugat ng homahom at saka balutin ng plastik at talian ito upang huwag matanggal. Kung wala ang ugat ng homahom puwede na rin ang lupa pero diligin lagi dahil matutuyo ito.
- d. 'Pag makikita na ang ugat, putulin na at itanim sa lata o kaya'y sa supot na plastik. Ilagay sa magandang lupa. Kung minsan, maski nasa lata ay mamumulaklak at mamumunga ito. Alisin ang bunga sapagkat kung hindi niya kaya ito ay mamamatay. Pagkalipas ng tatlong buwan puwede nang ilipat sa lupa. Mamumunga ito sa loob ng isang taon.

2. Pagdurugtong (Grafting)

Ginagawa ito sa mga kahoy na iisang uri. Puwedeng idugtong ang suhang Chinese sa pangkaraniwang suha. Puwedeng gawin din ito sa mangga, abukado, suha at kalamansi. May dalawang paraan sa paggawa nito: ang cleft grafting at wedge grafting. Ganito ang paggawa sa cleft grafting:

- a. Pumili ng isang sangang alam ninyong may masarap na bunga at maliit nang kaunti sa idurugtong na sanga. Putulin at mag-iwan ng dalawa o kaya'y tatlong buko o tubo.
- b. Putulin ang dudugtungan at iakma ang sangang idurugtong. Gawing magkatapat na magkatapat ang dinadaanán ng pagkain ng dinugtungan upang mabuhay ang idinugtong.
- c. Puluputan ng panali kagaya ng

abaka o kaya'y plastik para hindi maghihiwalay ito.

- d. Kung may tubo na ang idinugtong, puwede nang alisin ang ipinuluput at alisin din 'yong mga sangang tumutubo sa ibaba nito para madaling tumubo.

Ang wedge grafting ay katulad ng cleft grafting. Ang pagkakaiba ay sa wedge grafting, ilalagay 'yong idurugtong sa dulo ng durugtungan. Putulin ang sanga ng isang dangkal at gawing hugis kalso ang dulo. Iakma ang idurugtong doon sa hugis kaso at talian ito. Magdugtong (graft) kung hindi tag-ulan dahil masisira kung mapasukan ito ng tubig.

3. Budding o paglilipat ng gustong halaman as dating halaman na narito

Gaya ng Chinese lemon, isang masarap na suha, puwedeng idugtong ito sa pangkaraniwang suhang narito. At kapag nabuhay at namunga ito, ang sanga ng Chinese lemon ay mamumunga ng lemon at ang sanga ng suha ay mamumunga ng suha. O kaya'y kung may suhang galing sa Baguio o kaya'y sa Mindanao, kumuha ng tubo at itapal sa pangkaraniwang suha dito. Mas malago ito kaysa sa bagong tanim dahil ang pinaglipatan ay hiyang na sa klima dito sa Batanes. Ganito ang paraan sa paggawa nito:

- a. Maghanap ng tubo sa punong may masarap na bunga at tapyasin ito.
- b. Kumuha ng punlang nakalagay pa sa lata at humiwa ng titik na T sa balat sa bahaging apat hanggang

- limang pulgada mula sa lupa.
Hiwain sa pamamagitan ng kutsilyo.
- c. Tapyasin ang napiling tubo at isingit ito sa hiniwang balat ng karaniwang puno.
- d. Pulusutan ng plastik ang pinagsingitan ng tubo, putulin ang dulo ng punla. Ngayon 'yong pangkaraniwang halaman ay naging kagaya ng bagong dinala ninyong galing sa ibang lugar. Kung tiyak na ninyong mabubuhay ito ay itanim na sa lupa. Pagkalipas ng isang taon, mamumunga na ito.